Republic of the Philippines
Department of Health
FOOD AND DRUG ADMINISTRATION

FDA ADVISORY
No. 2016-096-A

22 AUG 2016

PARA: **SA LAHAT NG *HEALTHCARE PROFESSIONALS* AT SA PUBLIKO**

PAKSA: **Muling Pagpapaalala ng Babala sa Publiko Laban sa Paggamit ng Hindi Rehistradong Gamot na Ginseng Lin-Zi Gejie Capsule.**

Pinapayuhan ng Food and Drug Administration (FDA) ang publiko laban sa paggamit ng hindi rehistradong gamot na:

Ginseng Lin-Zi Gejie Pil Capsule
Tiensin Drug Manufactory – Tientsin, China

Larawan 1. Hindi rehistradong produkto

Ang lahat ng *healthcare professionals* at ang publiko ay pinag-iingat sa nasabing produkto. Ito ay maaaring magdulot ng panganib sa kalusugan ng mga gagamit nito, at ang pag-aangkat at pagbebenta nito ay paglabag sa *Republic Act No.* 9711 o ang Food and Drug Administration Act of 2009.

Nagsagawa ng pagsusuri sa laboratoryo ang FDA at lumabas na ang nasabing produkto ay nagtataglay ng sangkap na ***Dexamethasone***. Ang ***Dexamethasone*** ay isang *steroid* at kabilang sa mga gamot na nangangailangan ng reseta.

Dagdag pa rito, ang maling paggamit nito ay maaaring magdulot ng masamang epekto sa kalusugan tulad ng mga sumusunod:

- pagdurugo at pagkabutas ng bituka
- *osteoporosis* o paglutong ng buto na madaling mabali at masira
- paghina ng kalamnan
- *obesity* o labis na pagtaba
- pagtaas ng kolesterol
- pagtaas ng panganib na maimpeksyon
- pagbagal ng paggaling ng sugat
- kapag biglaang inihinto ang pag-inom, ito ay magdudulot ng mga simtomas gaya ng pagbaba ng presyon, "*shock*" at "*coma*".

Upang mapangalagaan ang kalusugan at kaligtasan ng publiko, ang mga inspektor ng FDA ay inaatasang isagawa ang kanilang mandato ayon sa *Section* 14 ng *Republic Act No.* 9711.

Ang lahat ay binabalaan na ang pagbebenta, pag-aangkat, at pamamahagi ng nasabing gamot ay ipinagbabawal at may kaukulang parusa.

Ang lahat ng *Local Government Units* (LGUs) at iba pang mga kaugnay na ahensya ay hinihikayat na siguraduhing ang produktong ito ay hindi makikita sa kanilang mga pinamamahalaan.

Pinapaalalahanan ang publiko na bumili lamang ng mga gamot sa mga botika o pamilihang lisensyado ng FDA. Atin pong tandaan na bukod sa pag-iinspek ng mga establisiyamento, ang pagsusuri ng mga produkto, pagrerehistro, at pag-eeksamin sa laboratoryo, ay mga hakbang ng gobyerno upang masiguro ang kaligtasan, kalidad, at bisa ng mga gamot. Ugaliing hanapin ang *FDA Registration number* sa *label* ng mga produktong binibili. Alalahanin din natin na ang mga *label* ng mga produktong rehistrado sa FDA ay naglalaman ng mga impormasyon sa Ingles o Filipino upang maintindihan ng mga mamimili ang mga gamot na nilalaman nito.

Para sa karagdagang impormasyon at mga katanungan, maaaring mag *e-mail* sa info@fda.gov.ph. Hinihikayat ang lahat na sumangguni at magsumbong sa FDA ng anumang patuloy na pagtitinda o pangangalakal ng mga hindi rehistradong produkto sa pamamagitan ng pag *e-mail* sa report@fda.gov.ph o pagtawag sa numero (02)807-8275. Para sa mga hinihinalang hindi kanais-nais na reaksyon sa gamot, i-report agad sa FDA gamit ang *link* na ito: www.fda.gov.ph/adr-report-new at kumpletuhin ang mga kinakailangang impormasyon.

Ang lahat ay hinihikayat na palaganapin ang mga nakasaad na impormasyon.

MARIA LOURDES C. SANTIAGO, MSc, MM
Officer in Charge – Director General

DTN: 20160805104725